# Bokasyonal na Rehabilitasyon



Ang mga programa sa Bokasyonal na Rehabilitasyon ay tumutulong sa mga taong may kapansanan na magsanay at humanap ng trabaho.

## T: Ano ang Bokasyonal na Rehabilitasyon?

Pinopondohan ng U.S. Department of Education at pinangangasiwaan ng bawat estado, ang mga programa sa bokasyonal na rehabilitasyon ay nag-aalok sa mga taong may kapansanan ng malawak na pamimiliang serbisyong may kinalaman sa pagtatrabaho, kabilang ang pagpapayo sa karera, pagsasanay sa lugar ng trabaho, paghahanap ng edukasyon at trabaho.

## T: Sino ang kwalipikado sa Bokasyonal na Rehabilitasyon?

Ang mga taong tumatanggap ng Social Security Disability Insurance o Supplemental Security Income ay karaniwang kwalipikado sa Bokasyonal na Rehabilitasyon. Upang malaman kung kwalipikado kayo, makipag-ugnayan sa inyong lokal na programa sa Bokasyonal na Rehabilitasyon. Makikita ang mga listahan ng estado at impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa website ng Job Accommodation Network sa https://askjan.org/concerns/State-Vocational-Rehabilitation-Agencies.cfm.

## T: Anong mga serbisyo ang maaaring ialok sa pamamagitan ng Bokasyonal na Rehabilitasyon?

Iba-iba ang mga serbisyo sa bokasyonal na rehabilitasyon, ngunit maaaring maging kabilang ang:

- Pagpapayo sa karera
- Paghahanda ng resume at pagtuturo sa panayam
- Paghahanap ng trabaho at tulong sa placement
- Pagsasanay sa mga teknikal na kakayahan
- Pagtatasa at referral sa nakakatulong na teknolohiya
- Pagpapayo sa mga benepisyo
- Medikal na pagtatasa at serbisyo
- Pagpapayo sa kalusugan ng kaisipan upang masuportahan ang pagpapanatili ng trabaho
- Mga pagbili ng hearing aid
- Mga gawad sa sasakyan at pag-aayos ng tahanan
- Mga serbisyo sa suporta at pangmatagalang pag-follow-up

## T: Binabayaran ba ng mga programa sa Bokasyonal na Rehabilitasyon ang nakakatulong na teknolohiya o mga serbisyo sa pag-aayos ng sasakyan?

Kadalasan, oo. Kung ang nakakatulong na teknolohiya o pag-aayos ng sasakyan ay itinuturing na kinakailangan upang masuportahan ang mga layunin o tagumpay sa trabaho ng isang indibidwal, samakatuwid ay madalas na magbibigay ng pinansyal na tulong ang mga programa ng estado.

## T: Kwalipikado ba ang mga kabataang may kapansanan sa mga programa sa Bokasyonal na Rehabilitasyon?

Oo. Sa maraming estado, maaaring gamitin ng mga estudyanteng may kapansanan ang mga serbisyo ng Bokasyonal na Rehabilitasyon upang maplano ang buhay pagkatapos ng high school. Ang mga tagapayo ng bokasyonal na rehabilitasyon ay nakikipagtulungan sa mga pamilya, paaralan at mga katuwang na komunidad upang matulungan ang mga estudyanteng magkaroon ng kaalaman at karanasan na sumusuporta sa pagtatrabaho at independiyenteng pamumuhay sa hinaharap.

## T: Mayroon bang mga programa sa Bokasyonal na Rehabilitasyon na partikular para sa mga beterano?

Oo. Ang programang Veteran Readiness and Employment (VR&E) na minsan ay tinatawag na Chapter 31, ay nagbibigay ng edukasyon, pagsasanay at placement ng trabaho para sa mga beterano na may mga kapansanang may kinalaman sa serbisyo.

Ang mga employment coordinator ng VR&E ay maaaring tumulong sa mga kwalipikadong indibidwal na simulan ang sarili nilang negosyo, muling magsanay para sa iba't ibang karera o mag-access ng suporta upang makabalik sa kanilang mga dating trabaho. Maaari ding magkaroon ng mga gawad sa independiyenteng pamumuhay at pag-akma sa tirahan.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga serbisyo ng VR&E, bisitahin ang website ng VA sa https://www.benefits.va.gov/vocrehab/.

## T: Ano ang American Indian Vocational Rehabilitation Services?

Ang programang American Indian Vocational Rehabilitation Services (AIVRS), na itinatag alinsunod sa Rehabilitation Act of 1973, ay nagbibigay ng mga gawad sa mga nangangasiwang lupon ng mga Indian Tribe upang palaganapin ang pagsasanay at mga inisyatibo sa placement ng trabaho para sa mga taong may kapansanan na naninirahan sa o malapit sa pederal o pang-estadong reserbasyon. Ang layunin ng AIVRS, gaya ng pinatatakbo na estado na mga programa sa Bokasyonal na Rehabilitasyon, ay ang tumulong sa mga taong may kapansanan na paghandaan at humanap ng trabaho na makakapagdagdag ng oportunidad para sa suportahan ang kanilang sariling kakayahang-pinansyal.

Upang maghanap ng mga programa ayon sa estado, bisitahin ang website ng Teknikal na Tulong ng AIVRS sa https://aivrttac.org/aivrs-projects/.

## T: Mayroon bang makakatulong kung hindi ko natatanggap ang mga serbisyo sa Bokasyonal na Rehabilitasyon na kailangan ko?

Makipag-ugnayan sa National Disability Rights Network (NDRN) kung sa tingin ninyo ay hindi ninyo nakukuha ang mga serbisyong kailangan ninyo, o kung kayo at ang inyong tagapayo sa trabaho ay hindi magkasang-ayon sa inyong mga layunin. Ang Mga Programa

sa Pagtulong sa Kliyente ng NDRN, na mayroon sa bawat estado, ay nagtataguyod sa mga taong naghahanap ng mga serbisyo sa rehabilitasyon, kabilang ang Bokasyonal na Rehabilitasyon. Upang mahanap ang inyong lokal na tanggapan, bisitahin ang website ng NDRN sa https://www.ndrn.org/about/ndrn-member-agencies/.

*Mga Mapagkukunan ng Impormasyon: Social Security Administration, U.S. Department of Veterans Affairs, National Disability Rights Network, Institute for Community Inclusion.*

**Kailangan ng kausap?**

Maaaring tumugon ang aming Mga Information Specialist sa inyong mga tanong.
Tumawag sa libreng toll, 1-800-539-7309 Lun-Biy, 7 am-8 pm EST.
O mag-iskedyul ng tawag o magtanong online sa
https://connect.paralysis.org/tl/send-us-your-question.

Ang impormasyong nakapaloob sa mensaheng ito ay inilalahad para sa layunin ng pagbibigay-kaalaman at impormasyon sa inyo tungkol sa paralysis at sa mga epekto nito. Walang anumang nakapaloob sa mensaheng ito ang dapat ipakahulugan o gamitin para sa medikal na diyagnosis o paggamot. Hindi ito dapat gamitin na panghalinhin sa payo ng inyong doktor o iba pang kwalipikadong health care provider. Kung mayroon kayong mga tanong na may-kaugnayan sa health care, agad na pakitawagan o puntahan ang inyong doktor o iba pang kwalipikadong health care provider. Palaging kumonsulta sa inyong doktor o iba pang kwalipikadong health care provider bago magsimula sa panibagong paggamot, diyeta, o programa sa fitness. Hindi ninyo dapat kailanman balewalain ang medikal na payo o mag-atubili sa paghahanap nito dahil sa anumang nabasa ninyo sa mensaheng ito.

Ang lathalang ito ay sinusuportahan ng Administration for Community Living (ACL), U.S. Department of Health and Human Services (HHS) bilang bahagi ng gawad sa pinansyal na tulong na may kabuuang halaga na $10,000,000 na 100 porsiyentong pinopondohan ng ACL/HHS. Ang mga nilalaman ay mula sa (mga) may-akda at hindi tuwirang kumakatawan sa mga opisyal na pananaw ng, ni pag-eendorso ng ACL/HHS, o ng Pamahalaan ng U.S.